REPUBLIKA NG PILIPINAS
## PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

### KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-01-023

**KAUTUSAN NA IPINAGBABAWAL ANG PAGTATAYO O PAGMIMINTINA NG TERMINAL SA MGA PANGUNAHING LANSANGAN (MAJOR THOROUGHFARES) AT BANGKETA (SIDEWALKS) NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA PARA SA LALABAG DITO.**

**********************************************************************

Ipinanukala nina: ***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Victor L. Ulanday***
***Kgg. Nicanor L. Echavez, MD.***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Fancis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***

**********************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (5) (v)** ng **Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,** ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihan na magpatibay ng mga ordinansa upang matiyak ang epektibo at maayos na pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasaayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan; pagtatalaga ng himpilan at terminal o pagsasaayos o pamamahala sa paggamit nito ng mga pribadong sasakyan; pagtatalaga ng mga hintuan na maaaring okupahan ng mga pampublikong sasakyan kapag ito ay hindi ginagamit para sa kapakanan ng publiko;

(vi) Pagsasaayos o pamamahala ng trapiko sa mga lansangan;

**SAPAGKAT,** batay rin sa **MMDA Resolution No. 01-08, Series of 2001,** mahigpit na hinihimok ang mga Lokal na Pamahalaan sa Kalakhang Maynila na magpatibay ng ordinansa para sa pagbabawal ng mga illegal na terminal sa mga pangunahing lansangan ng kani-kanilang hurisdiksiyon;

**SAPAGKAT,** ang mabilis at patuloy na pagdami ng mga ilegal na terminal sa mga lansangan na ipinagbabawal ang pagpaparada ng sasakyan (no parking area) at ang pagsasakay at pagbababa ng mga pasahero (no loading and unloading area) ay isa sa mga dahilan kung bakit nagkakabuhol-buhol ang trapiko sa Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang pagkakabuhol-buhol ng trapiko ay isang malubhang problema na nangangailangan ng isang matinding solusyon, kung kaya't nararapat lamang ang pagbabawal sa mga illegal na terminal sa mga pangunahing lansangan ng Lungsod;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

***Seksiyon I.*** **SAKOP.** Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga ilegal na terminal na nagpapahimpil o nagpapaparada ng mga pampublikong sasakyan sa mga pangunahing lansangan ng Lungsod ng Muntinlupa.

***Seksiyon II.*** **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Sakaling gagamitin ang mga salitang nasa ibaba, ito ay may mga sumusunod na kahulugan:

a. **PRIBADONG TERMINAL-** isang pribadong lugar na ginagawang himpilan o paradahan ng mga sasakyan na may kaukulang upa o butaw na sinisingil, subali't ito ay hindi itinakda ng anumang batas trapiko o kautusan ng Lungsod;

b. **ILEGAL NA TERMINAL-** himpilan, sakayan, babaan o paradahan ng mga pampasadang sasakyan na nakaparada sa lansangan o sa ipinagbabawal na lugar at hindi sa itinakdang terminal;

***Seksiyon III.*** Mahigpit na ipinagbabawal ng Kautusang ito ang pagtatayo, pagmimintini o paglalagay ng terminal sa mga pangunahing lansangan (major thoroughfares) at bangketa (sidewalks) ng Lungsod ng Muntinlupa, partikular sa mga sumusunod:

a. Alabang Viaduct;
b. Alabang-Zapote Road;
k. East Service Road;
d. West Service Road;
e. Montillano St. sa Alabang;
g. Katihan Road sa Poblacion;
h. Susana Heights Road sa Tunasan;
i. Kahabaan ng National Road, mula Sucat hanggang Tunasan;
l. Kahabaan ng Baybayin, mula Sucat hanggang Tunasan;

Binibigyan ng malawak na kapangyarihan ang Muntinlupa Traffic Management Bureau (MTMB), Traffic Environment and Discipline (TED) at mga deputadong kawani na tuwinang subaybayan (monitor) at mahigpit na ipatupad ang probisyon ng kautusang ito.

Inaatasan din ang **MTMB/TED** na magsagawa ng mga alituntunin para sa pagpapatupad (implementing guidelines) ng Kautusang ito sa loob ng tatlumpung (30) araw, simula sa araw ng pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod.

***Seksiyon IV.*** **IKSEMSIYON (Exemption).** Ang Kautusang ito ay hindi paiiralin sa mga terminal ng pampasadang traysikel at pedicab na nasa gilid ng mga lansangan ng Lungsod, na may kaukulang ruta, alinsunod sa itinatadhana ng Kautusang Panlungsod Blg. 96-66, hanggang hindi ito nakakahanap ng lugar para sa terminal.

***Seksiyon V.*** **PARUSA.** Sinumang tao, may-ari o tagapamahala, korporasyon o asosasyon na lalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

1. **UNANG PAGLABAG-** Multang Limang Daang Piso (P500.00) o pagkabilanggo ng isang (1) buwan, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

2. **IKALAWANG PAGLABAG-** Multang Isang Libong Piso (P1,000.00) o pagkabilanggo ng dalawang (2) buwan, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

3. **IKATLONG PAGLABAG-** Multang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) o pagkabilanggo ng anim (6) na buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

Ang multang nakasaad sa itaas ay kinakailangang bayaran sa loob ng limang (5) araw simula sa araw ng pagkakahuli, kung hindi ay isasampa ang kaso sa hukuman.

Bukod sa multa at/o pagkabilanggo sa ikatlong paglabag, irerekomenda sa hukuman ang pagpapasira (demolition) o pagpapasara ng anumang ilegal na istrakturang nakatayo sa mga bangketa o ipinagbabawal na mga lugar.

***Seksiyon V.*** **SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA.** Anumang kautusan na taliwas o di tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

***Seksiyon VI.*** **SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang paglalathala sa alinmang pahayagan na may malawak na sirkulasyon ng Pamahalaang Lungsod.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-**15** ng **Nobyembre, 2001,** sa ginanap na **ika-14 na Regular na Sesyon.**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**SINANG-AYUNAN:**

**Dr. *NICANOR L. ECHAVEZ***
*Konsehal*

***VICTOR L. ULANDAY***
*Konsehal*

***Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.***
*Konsehal*

***ELMER S. ESPELETA***
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

***MELCHOR R. TEVES***
*Konsehal*

***LUCIO B. CONSTANTINO***
*Konsehal*

**Mggl. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**LIBAN:**

***ALDRIN L. SAN PEDRO***
*Konsehal*

***BAL NIEFES***
*Konsehal*

***Mggl. RAUL R. CORRO***
*Konsehal*

***RENE CARL S. CAYETANO***
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punong Barangay*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR,**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ** pbg, jr.
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ___________

***LITO SALAMAT, JR./NORY***
***241001***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196